

110 Convention 1997

Tagalog Version



Printed 1997

by the

Bureau of Rural Workers

Department of Labor and Employment

ILO CONVENTION NO. 169

Tagalog Version

P R E F A C E

Three major issues are considered to be crucial to the survival and development of the Philippines' indigenous peoples as distinct peoples: sovereignty over their "ancestral domain"; the right to preserve, promote and develop their own culture and identity with considerations of their dignity; and, the right to continue and adapt their own political, social and judicial organizations.

These problems were taken into account by the Philippine government to accept and bring into force ILO Convention No. 169. The challenges calls for the immediate action by the government and its instrumentalities for the collective studies of the Convention within the Philippine context.

We hope that other concerned agencies and institutions will also participate and offer its services for the immediate ratification of the Convention which is the only instrument that will guarantee protection of the rights and respect for the integrity of our indigenous peoples.

PANDAIGDIG NA PAGPUPULONG NA PANGMANGGAWA

KOMBENSIYON 169

Kombensiyon na Nauukol sa mga Katutubo at
Taong Tribu sa mga Malalayang Bansa

Ang Pangkalahatang Pagpupulong ng International
Labor Organization

Sa pagkakatiapon sa Geneva ng Lupon ng Namamahala ng Internasyonal
Labor Office, at sa kanilang pagpupulong sa ika-76 na Sesyon noong
Hunyo 7, 1989, at

Sa pagkakatala ng pandaigdig na pamantayang nakapaloob sa
Rekomendasyon sa Kombensiyon na nauukol sa Katutubo at Tribong
Populasyon noong 1957, at

Sa pagkasagunita ng mga itinahana ng Pandaigdig na Deklarasyon ng
Karapatang Pantao, ng Pandaigdig na Kasunduang Pangkabuhayan,
ng Panlipunan at Pandaigdig na Karapatan, ng Pandaigdig na Kasun-
duan sa Sibil at Pamplitikang Karapatan at ng maraming Pandaigdig
na Instrumentong sumasansala ng pagtatangi-tangi, at

Sa pagbibigay pansin sa mga pagbabagong naganap sa batas pandaig-
dig simula ng 1957, at

Sa pag-unlad sa katayuan ng mga katutubo at tribong tao sa lahat ng
rehiyon sa buong daigdig, ay minarapat na pagtibayin ang bagong
pandaigdig na pamantayan sa nasabing paksa na may pananaw na
alisin ang naunang ipinaunawa na mga pamantayan, at

Sa pagkilala sa mga hangarin ng mga tao na magampanan ang pamamahala sa kanilang sariling institusyon, uri ng pamumuhay at pangkabuhayan kaunlaran at mapanatili at mapaulad ng kanilang sariling pagkakakilanlan, salita at relihiyon, sa loob ng balangkas ng Estradong kinatitirahan, at

Sa pagkakatatala na sa maraming parte ng daigdig ang mga taong nabanggit ay hindi makalaspag ng pangunahing karapatang pantao na katulad ng ibang populasyon sa Estradong kinatitirahan, at ang kanilang batas, kahalagahan, kustombre at pananaw sa buhay ay malimit napapawalang-bahala, at

Sa pagtawag pansin sa mga natatanging kontribusyon ng mga katutubo at tribong tao sa mga magkakaibang kultura, panlipunan at ekolohiyang pagkakaiba at sa pandaigdigang kooperasyon at pang-unawa, at

Sa pagkakatatala na ang mga sumusunod na probisyon at binalangkas sa pakikipagtulungan ng United Nations, ng Food and Agriculture Organization ng United Nations, ang United Nations Educational Scientific and Cultural Organization ng World Health Organization, at ang Inter-American Indian Institute, sa karampatang antas at sa kanilang kaukulang larangan, at pinanukalang ituloy ang ganitong pagkakaiba upang mapag-ibayo at matiyak ang pagpapairal nitong mga probisyon, at

Bilang pagdedesisyon para sa pagpapairal ng ilang panukala na may kaugnayan sa pagbabago ng Indigenous and Tribal Populations Convention noong 1957 (No. 107), na siyang pang-apat na bagay na pinagpulongan sa sesyon, at

Bilang pagpapasiya na ang nasabing panukala ay magiging isang pandaigdigang konbensyon na magpapalit sa Indigenous and Tribal Population Convention, 1957;

Ay pinagtitibay ngayong ika-27 ng Hunyo 1989 ang mga sumusunod na konbensyon, na tinaguriang Indigenous and Tribal Peoples Convention, 1989;

UNANG BAHAGI- Pangkalahatang Patakaran

ARTIKULO I

1. Ang Konbensiyong ito ay naaangkop sa:

a. Mga taong tribu sa malayang bansa kung saan ang panlipunan, kultural at pangkabuhayang kondisyon ay naiiba sa ilang seksiyon ng pambansang komunidad, at ang kalagayan ay napapamahalaan ng buo at bahagya ng kanilang sariling kustombre o tradisyon o ng espesyal na batas o regulasyon;

b. Mga tao sa mga malayang bansa na kinikilalang katutubo sa pamamagitan ng kanilang pinagmulang lahi o populasyon sa kinatitirhang bansa, o sa geographical na rehiyon na pag-aari ng bansa, sa panahon ng pagkakasakop o kolonisasyon o pagkakatatag ng kasalukuyang hangganan ng estado at sinuman, ano man ang kanilang legal na kalagayan, ay napanatili ang ilan o ang lahat ng kanilang sariling panlipunan, pangkabuhayan, pangkultura at pampulitikang institusyon.

2. Ang pansariling pangkakilanlan bilang katutubo o tribo ay dapat kilalaning pangunahing basehan sa pagkilala sa mga grupo na nasasakop ng mga probisyon ng Konbensiyong ito.

3. Ang paggamit ng terminong "peoples" sa Konbensiyong ito ay hindi dapat mangahulugang may implikasyon sa mga karapatan na nasasaad sa ilalim ng pangdaigdig na batas.

ARTIKULO 2

1. Ang pamahalaan ay dapat may pananagutan sa pagpapamulad, na may pakikilahok ng mga katutubo, pagkakatuigma at sistemati-kong pagkilos para mapangalagaan ang mga karapatan ng naturang mga tao at igarantiya ang respeto ng kanilang integridad.
2. Ang naturang pagkilos ay dapat samahan ng ganiong mga hakbangin:
 - a. sigurihin na ang mga kaanib ng mga taong ito ay nakata-tanggap ng benepisyo na pareho ng ibang miyembro ng populasyon sa antas ng karapatan at oportunidad na ibinibigay ng pambansang batas at regulasyon;
 - b. pagpapalaganap ng buong pagkilala sa karapatang panlip-unan, pangkabuhayan at kultural ng mga katutubo na may pakundangan sa kanilang pinagkakilanlang pangkabuhayan at kultural, kostumbre at tradisyon sampu ng kanilang institusyon;

ARTIKULO 3

1. Ang mga katutubo at taong tribu ay dapat magtamasa ng iti-nakdang karapatang pantao at pangunahing kalayaan na walang balakid o pagtatangi-tangi. Ang probisyon ng Kombensiyon ay dapat gamitin na walang pagtatangi sa sinumang lalaki o babae na kaanib sa mga taong ito.

2. Walang uri ng puwersa o paminhiti ang gagamitin sa mga taong nabanggit na mangangahulugan ng paglabag sa karapatang pantao at sa pangunahing kalayaan kasama ang mga karapatan nasasaad sa Kombensiyon

ARTIKULO 4

1. Natatanging hakbangin ang nararapat isakatuparan para sa pangangalaga ng mga tao, institusyon, pag-aari, paggawa, kultura at kalikasan ng katutubo.
2. Ang naturang natatanging hakbangin ay hindi dapat salungat sa kagustuhan ng mga kinaukulang tao.
3. Ang pagtatamasa ng pangkalahatang karapatang pangmamayan, na walang pagtatangi, ay hindi dapat mapinsala ng nasabing natatanging hakbangin.

ARTIKULO 5

- Sa pagsasagawa ng probisyon ng Kombensiyon:
- a. Ang panlipunan, pangkultural, kahalagahang panrelihiyon, espirituwal at mga gawain ng mga katutubo ay dapat kilanin at pangalagaan, at nararapat na bigyang pansin ang uri ng mga problema na kinakaharap ng grupo o indibidwal;
 - b. Ang integridad na kanilang pinahahalagahan, gawain at institusyon ng mga taong ito ay dapat igalang;
 - k. Ang mga patakaranang nalalayon na mabawasan ang kahirapan na nararanasan nitong mga tao sa pagharap sa mga bagong kondisyon ng buhay at gawain ay dapat isakatuparan, sa pakikilahok at kooperasyon ng mga appektadong tao.

ARTIKULO 6

1. Sa pagsasakatuparan ng mga probisyon ng Kombensiyon, ang Pamahalaan ay dapat:
 - a. kumunsulta sa mga katutubo, sa naaangkop na pamamaraan partikular sa pamamagitan ng kanilang kinaanihang institusyon, kung saan binibigyang pansin ang mga pambatas at administratibong hakbangin na maaaring direktang makappekto sa kanila;
 - b. magtatag ng pamamaraan kung saan ang mga katutubo ay malayang makalahok, na pareho sa ibang sektor ng populasyon, sa lahat ng antas ng paggawa ng pagdedesiyon sa elektorat na institusyon, administratibo at ibang kumakatawan na responsable sa paggawa ng patakaran at programang nauukol sa kanila.
 - k. magtatag ng mga pamamaraan para sa lubos na pagpapaunlad ng kanilang sariling institusyon at inisyatibo, at sa karapatang mga pangyayari ay makapagbigay ng mapagkukunang guguhin para sa adhikang gawain.
2. Ang konsultasyong nasasaad para sa pagpapatupad ng Kombensiyong ito ay dapat isagawa sa angkop na pamamaraan na nararapat sa mga kaganapan, na may mithing makamit ang pagsang-ayon at pahintulot sa panukalang Kombensiyon.

ARTIKULO 7

1. Ang kinauukulang mga tao ay may karapatan na magpasira ng sariling prayoridad para sa kaunlaran na makaapekto sa kanilang buhay, paniniwala, institusyon at espiritwal na kapakanan at sa lupang kanilang nasasakop o ginagamit, at para sanayin sa pagkontrol sa kanilang sariling pangkabuhayan, panlipunan at kultural na pag-unlad. Dagdag pa rito, sila ay dapat makilahok sa pagbabalangkas.

pagpapatupad at pagtatasa ng mga plano at programa para sa pambansa at pangrehiyong kaunlaran na direktang makaapekto sa kanila.

2. Ang pagpapalibay ng mga kondisyon ng buhay at gawain at antas ng kalusugan at edukasyon ng mga katutubo, sa pamamagitan ng kanilang pakikilahok at kooperasyon, ay dapat bigyang prayoridad sa pagpapalano ng pangkalahatang pangkabuhayang kaunlaran sa lugar na kanilang kinatirikan. Ang mga espesyal na proyekto para sa kaunlaran ng kanilang lugar ay dapat isagawa para sa pagpapalaganap ng pagsulong.
3. Ang pamahalaan ay dapat isiguro, kung kinakailangan, na ang mga pag-aaral ay maisasakatuparan, sa pakikipagtulungan ng mga katutubo, para itasa ang panlipunan, espiritwal, kultural at pangkalkasang pinaplanong gawain pangkaunlaran. Ang resulta ng naturang pag-aaral ay ituturing na pangunahing pamantayan para sa pagpapatupad ng naturang mga gawain.
4. Ang pamahalaan ay dapat magtatag ng pamamaraan sa pakikipagtulungan ng kinauukulang tao, para pangalagaan at mapanatili ang kalikasan sa mga teritoryong kanilang tinirhan.

ARTIKULO 8

1. Sa pagpapairal ng pambansang batas at regulasyon sa mga katutubo, nararapat na bigyang pansin ang kanilang mga ugali at mga batas na nakaugalian.
2. Ang mga taong ito ay may karapatan na mapanatili ang kanilang sariling kaugalian at institusyon, kahit na ito ay hindi angkop sa pangunahing karapatan na nakasaad sa pambansang sistemang legal at ng kinikilalang pandaigdig na karapatang pantao. Ang mga

pamamaraan ay dapat itatag; kung kinakailangan, para mabigyan lunas ang di pagkakatumaga na maaaring lumabas sa pagpapairal ng prinsipyong ito.

3. Ang pagpapairal ng talata 1 at 2 ng Artikulong ito ay hindi dapat maging hadlang sa mga taong kasapi na gamitin ang karapatang ibinibigay sa lahat ng mamamayan at sa pagbalikat ng naayong mga gawain.

ARTIKULO 9

1. Sa kasukdulang kapareho ng pambansang sistemang legal at kinikilalang pandagdig na karapatang pantao, ang pamamaraang nakaugaliang gawin ng mga katutubo sa pagharap sa mga ginawang paglabag o kasalanan ng mga kasapi ay dapat igalang.

2. Ang kaugalian ng mga taong ito na tungkol sa mga bagay pangkaparusahan ay dapat bigyan pansin ng mga awtoridad at mga korteng may kaugnayan sa nasabing mga kaso.

ARTIKULO 10

1. Sa pagpapataw ng kaparusahang iginagawad ng pangkalahatang batas sa mga kasaping mga tao ay dapat isaalang-alang ang kanilang katangiang pangkabuhayan, panlipunan at kultural.

2. Dapat mas bigyang kahalagahan ang mga kaparusahan na hindi mangangailangan ng pagkakulong.

ARTIKULO 11

Ang pagpilit sa mga kasaping katutubo na magsebisyo sa ano mang kaparaanan, may bayad man o wala, ay hindi dapat pahintulutan at dapat parusahan ng batas, maliban sa kasong tinadhana ng batas sa lahat ng mamamayan.

ARTIKULO 12

Ang mga katutubo ay dapat pinangangalagaan laban sa pag-abuso sa karapatan at nararapat na dumaan sa legal na proseso, alinman ng nag-iisa o sa pamamagitan ng kanilang kinatawan para sa mabisang pagprotektang sa kanilang karapatan. Dapat magkaroon ng mga hakbangin para masiguro na ang mga kasaping tao ay makamtindi o maintindihan sa legal na proseso; kung kailangan sa pagbibigay ng isang tapagpaunawa o ng iba pang mabisang pamamaraan.

PANGALAWANG BAHAGI

LUPA

ARTIKULO 13

1. Sa pagpapairal ng probisyon nitong bahagi na ito ng Kombensiyon ang pamahalaan ay dapat irespeto ang espesyal na kahalagahan ng mga kultura at espirital na halaga ng mga katutubo, ng kanilang ugnayan sa mga lupa o teritoryo, o pareho kung kinakailangan, na kanilang inokupahan o ginagamit, at sa partikular ang pinagsamang aspeto ng kanilang ugnayan.

2. Ang paggamit ng terminong "lupa" sa Artikulo 15 at 16 ay kasali ang konsepto ng teritoryo, na nasasakop ang kabuuang kalikasan sa mga lugar na ang kinakulang tao ay unuokopa o gumagamit nito.

ARTIKULO 14

1. Ang karapatan sa pag-aari o posesyon sa mga lupa na kanilang nakagisingang okupahan ay dapat kilanin na karapat-dapat. Dagdag pa rito, dapat magkaroon ng mga hakbangin para mapangalagaan ang

karapatan ng kinauukulang mga tao para gamitin ng hindi natatangi ang lupang kanilang inokupahan. ngunit nakagisnang pagkunan ng kanilang ikinabubuhay at nakagisnang mga gawain. Dapat bigyan ng maring atensiyon ang sitwasyon ng "nomadic" na tao at mga magbubungkal ng lupa.

2. Ang pamahalaan ay dapat magkaroon ng kinakailangang habangin para matukoy ang mga lupa na inokupahan ng mga kinauukulang mga tao, at masiguro ang mabisang proteksiyon ng kanilang karapatan sa pag-aari o posesyon.

3. Dapat magtatag ng mga karampatang pamamaraan sa loob ng pambansang sistemang legal para mabigyang lutas ang pag-angkin sa lupa ng kinauukulang mga tao.

ARTIKULO 15

1. Ang karapatan ng mga katutubo sa mga kalikasang yaman na ukol sa lupa ay dapat mapangalagaan. Sa karapatang ito ay kasama ang karapatan ng tao na sumali sa pagganit, pamamahala at konserbasyon ng naturang yaman.

2. Sa mga kaso na kung saan ang Estrado ay napapanatili ang pag-aari ng mga mineral o yamanang panlupa o karapatan sa ibang yaman tungkol sa lupa, ang pamahalaan ay dapat magtatag o maglagay ng mga pamamaraan na kung saan ay kookonsulta hin mila ang mga tao, na may pananaw na masiguro at hanggang saan ang interest ng masasagasaan, bago magpatupad o magbigay pahintulot ng ano mang programa para sa "exploration o exploitation" ng nasabing yaman hinggil sa lupa. Ang mga kaukulang tao sa ano mang kaparaanang maaari ay dapat nakasali sa mga benepisyo ng ganitong mga gawain, at makatanggap ng karampatang bayad sa ano mang pinsala na makakanitan na resulta ng nasabing gawain.

ARTIKULO 16

1. Sa italim ng mga sumusunod na talata ng Artikulo, ang mga katutubo ay hindi dapat alisin sa mga lupa na kanilang inokupahan.

2. Kung kinakailangang iipat ang kaukulang mga tao, ang nasabing paglipat ay magagawa lamang sa sariling kusa at malayang pamamaraan. Kung hindi makuha ang kanilang pagpapayag, ang nasabing paglipat ay dapat idaan sa mga alituntuning itinatag ng pambansang batas at regulasyon, kasama kung kinakailangan, ang pagkonsulta sa publiko, na nagbibigay ng pagkatakaton para sa isang mabisang pagkawatwan sa kinauukulang mga tao.

3. Hanggang maaari, ang mga naturang tao ay dapat magkaroon ng karapatan na magbalik sa nakagisnang lupa, sa oras na ang mga bagay na tungkol sa paglipat ay matapos o mawala.

4. Kung ang naturang pagbabalik ay hindi maaari, mayroon o wala mang pagkakasunduan, sa isang karampatang alituntunin, ang mga taong ito sa anumang kaparaanan ay dapat bigyan ng mga lupa na may uri at estadong legal o maging parehong uri ng lupang kanilang dating inokupahan, na naaangkop na makapagbigay sa ngayon ng kanilang pangangailangan at kaunlaran sa darating na bukas. Kung ang kaukulang mga tao ay nagpahiwatig na sila ay mabayaran ng pera o kagamitan, sila ay dapat mabayaran na may sapat at nararapat na garantiya.

5. Ang mga taong inilipat ay dapat mabayaran ng buo sa mga pagkakawala o pinsala.

ARTIKULO 17

1. Ang mga pamamaraang itinatag ng mga katutubo para sa pagpapahatid ng mga karapatan sa lupa ng mga kasapi ng naturang tao ay dapat igalang.

IKATLONG BAIHAGI

PANGANGALAP AT KONDISYON NG EMPLEO

ARTIKULO 20

3. Ang mga taong hindi katutubo ay dapat hadlangan sa pagsasamantala sa mga kaugalian o sa kakulangan sa pag-unawa sa mga batas sa parte ng mga kasapi para makuha ang pag-aari, paghawak o paggamit ng lupa ng naturang mga tao.

ARTIKULO 18

Dapat maglagay sa batas ng sapat na kaparusahan para sa walang kapahintututang kaparusahan sa paggamit ng lupa ng katutubo, at ang pamahalaan ay dapat magkaroon ng mga nararapat na hakbangin para maiwasan ang ganitong mga paglabag.

ARTIKULO 19

Ang pagpapatupad ng pambansang programang agraryo sa mga katutubo ay dapat naayon sa mga kinauukulang tao na ang pagtingin ay pareho ng ibinibigay sa ibang sektor ng populasyon hinggil sa:

a) pagbibigay ng lupa sa mga tao kung ang lugar na kinatirhan ay hindi nakapagbibigay ng sapat na pangangailangan para sa normal na buhay, o saan mang posibleng pagtraas sa dami nila;

b) pagbibigay ng mga kaparaanang kinakailangan para sa pagpapaulad ng lupa na kanilang hinahawakan.

PANGANGALAP AT KONDISYON NG EMPLEO

ARTIKULO 20

1. Ang pamahalaan, sa loob ng balangkas ng pambansang batas at regulasyon, at sa pakikipagtulungan ng mga katutubo, ay dapat magpatibay ng mga espesyal na mga hakbangin para masiguro ang epektibong proteksyon na nauukol sa pangangalap at kondisyon ng empleyo ng mga manggagawa na nagmumula sa mga naturang tao, sa punto na sila ay hindi nabibigyan ng epektibong proteksiyon ng batas na naangkop sa lahat ng manggagawa.

2. Dapat gawin ng pamahalaan ang lahat ng posibleng hakbangin para maiwasan ang pagtatangi-tangi sa pagitan ng mga manggagawa na nangagaling sa mga tribu at iba pang mga manggagawa, partikular na nauukol sa mga sumusunod:

a) pagtanggap sa pag-empleo, kasama ang empleyong pang-kasanayan at mga hakbangin para sa pagpapahayag at pagpapaulad;

b) parehong sahod sa parehong trabaho;

k) tulong medikal at panlipunan, panghanapbuhay na katigrahan at kalusugan, lahat ng benepisyo sa panlipunang seguridad, at lahat ng kaugnay na benepisyon panghanapbuhay at pabahay;

IKAPATNA BAHAGI

PAGSASANAY BOKASYONAL, HANDICRAFTS AT INDUSTRIYANG RURAL

ARTIKULO 21

Ang mga miyembro ng kinaaukulang mga tao ay dapat magtamasa ng pantay na pagkakataon katulad ng ibang mga mamamayan ukol sa mga hakbanging pagsasanay bokasyonal.

ARTIKULO 22

1. Dapat maglaan ng mga hakbangin para mapalawak ang kusing-loob na pagsali ng miyembro ng katutubo sa mga programang pagsasanay bokasyonal sa pangkalahatang aplikasyon.
2. Kung sakaling ang naturang pagsasanay ay hindi angkop sa pangangailangan ng kinaaukulang tao, ang pamahalaan, sa pagsali ng mga naturang tao, ay dapat isiguro ang paglalaan ng programa para sa espesyal na pagsasanay kasama ang mga pasilidad.
3. Ano mang espesyal na programang pagsasanay ay dapat nakatuon sa pangangailangang pangkabuhayan, panlipunan at kultural na kondisyon at praktikal na pangangailangan ng mga katutubo. Ano mang pag-aaral na gagawin tungkol sa nasabing programa ay dapat gawin sa pakikipagtulungan ng nasabing mga tao, na siyang dapat konsultahin sa pagbuo at pagpapatatko ng programa. Kung talagang kapakipakinabang, ang mga taong ito ay nararapat na magkaroon ng responsibilidad para sa organisasyon o pagpapatatko ng nasabing espesyal na programang pagsasanay kung kanilang gugustuhin.

d) ang karapatang mag-organisa at kalayaang sa labat, legal na pag-uunyon, at kalaayang lumahok sa "collective agreements" sa mga pinaglingkuran at organisasyon ng mga may patrabaho.

3. Ang mga nabanggit ay dapat magsaad ng ibayong hakbangin para masiguro na:

a) ang mga manggagawa na nagmumula sa mga tribu o katutubo, kasama ang mga panahunan, kaswal, at migranteng manggagawa sa agrikultura at ibang pamamasukan, at ang mga manggagawang nakaempleyo sa mga "labor contractors", ay magtamasa ng proteksiyon nasasaad sa pambansang batas at nakasamayan na ng ibang manggagawa sa parehong sektor, at sila ay nakakalaan ng kanilang karapatan sa ilalim ng mga batas pang manggagawa at iba pang paraan ng paglalahad ng karainangan nalalaan sa kanila:

b) ang mga manggagawang ito ay hindi mapapalagay sa panghanapbuhay na kondisyon makakasama sa kalusugan, partikular sa paghaharap sa mga pestisido o "toxic" na mga bagay;

k) ang mga manggagawang nabanggit ay hindi mapapalagay sa sapilitang sistema ng pangangalagap kasama ang pagtatrabahong pigil o ibang paraan ng pang-aalipin;

d) ang mga manggagawang ito ay magtamasa ng pantay na oportunidad at pagtingin sa pagtatrabaho para sa lalaki at babae, at proteksiyon sa sekswal na pananansala.

4. Dapat bigyan ng partikular na atensiyon ang paglalagay ng sapat na serbisyong magsiyasat ng trabaho sa mga lugar na mayroong pamamasukang bayaran, para masiguro sa pagtupad sa mga probisyon sa bahaging ito ng Kombensiyon.

ARTIKULO 23

1. Ang "handicrafts", rural at pangkomunidad na industriya, at "subsistence economy" at nakasanayang gawain ng mga katutubo, katulad ng pangangaso, pangingisda, pagbibitag at pagtitipon, at dapat kilalaning isang mahalagang bagay sa pangangalaga ng kanilang kultura at pansariling ekonomiya at pag-unlad. Ang pamahalaan, sa pagsali ng mga tao at kung nararapat, ay isiguro na ang ganitong mga gawain ay mapalakas at maipangalap.
2. Sa kahilingan ng mga kinaukulang mga tao, ang nararapat na tulong teknikal at pinansiyal ay dapat ibigay hanggang maari, na binibigyang pansin ang tradisyonal na teknolohiya at nakaugaliang kultura ng mga tao, at ang kahalagahan ng pamamalagi at pantay na kaunlaran.

IKALIMANG BAHAGI

PANLIPUNANG SEGURIDAD AT KALUSUGAN

ARTIKULO 24

Ang mga eskimang panlipunang seguridad ay dapat ibahagi sa katutubo, at napapatupad ng walang pagtatangi-tangi.

ARTIKULO 25

1. Ang pamahalaan ay dapat isiguro ang sapat na serbisyong pangkalusugan, o dapat magbigay ng mga pinagkukunan upang mabigyang daan sila na makapagdisensyo at makapagdala ng naturang serbisyo sa ilalim ng kanilang pamamahala at kontrol. Para matamasa nila ang matatas na antas ng pamantayan sa kalusugang pangkatawan at pag-iisip.

2. Ang serbisyong pangkalusugan, hanggang maari, ay dapat ipinatutupad mismo sa komunidad. Ang mga serbisyong nabanggit ay dapat pinaplano at pinapalakat sa pakikipagtulungan ng mga katutubo na binibigyang pansin ang pangkabuhayan, pangkalusugan, panlipunan at kultural na kondisyon at ang nakaugaliang pamimigi, pagpapagaling at mga gamot na inumin.

3. Sa sistemang pangangalaga ng kalusugan dapat bigyang prayoridad ang pagsasanay at pag-empleyo ng lokal na komunidad na manggagawang pangkalusugan, at nakatuon sa pangunahing pangangalagang pangkalusugan samantalang ipinamamalagi ang malakas na pakikipag-ugnayan sa ibang antas ng serbisyong pangangalagang pangkalusugan.

4. Ang pagbibigay ng naturang serbisyong pangkalusugan ay dapat inugnay sa ibang panlipunan, pangkabuhayan at habangging kultural sa bansa.

IKAANIM NA BAHAGI

EDUKASYON AT URING KOMUNIKASYON

ARTIKULO 26

Dapat magpatupad ng mga hakbangin para maseguro na ang mga miyembro ng mga tribu o katutubo ay may pagkakataon na pagkakaon na magkaroon ng edukasyon sa lahat ng antas at parehong pamantayan ng ibang tao sa pambansang komunidad.

ARTIKULO 27

1. Ang mga programa at serbisyong pang-edukasyon para sa mga katutubo ay dapat pagibayuhin at ipatupad sa pakikipagtulungan

nila para matugunan ang kanilang pangangailangan, at maisama ang kanilang kasaysayan, ang kanilang kaalaman at teknolohiya, ang kanilang sistemang kahalagahan, at ang kanilang panlipunan, pangkabuhayan at kultural na hangarin.

2. Ang may kakayahang kinaaukulan ay dapat sinisiguro ang pagsasanay ng mga miyembro ng mga katutubo at ang kanilang pagsali sa pagbuo at pagpapatupad ng programang pang-edukasyon, na may pananaw sa isang progresibong pagsasalin ng responsibilidad para sa pagsasaayos ng programa sa mga kinaaukulang mga tao.

3. Karagdagan pa rito, dapat kilalanin ng pamahalaan ang karapatan ng mga katutubo para makapagtayo ng kanilang sariling institusyon at kagamitang pang-edukasyon. Kinakailangan ang nabanggit na institusyon ay matugunan ang minimum na pamantayan na natitayo na ng may kakayahang kinaaukulan sa pakikipag-ugnayan sa mga katutubo. Sapat na pagkukunan ang dapat ilaan dito.

ARTIKULO 28

1. Ang mga kabataang katutubo ay dapat turuang sumulat at bumasa sa kanilang sariling katutubong salita o ano mang salita na palagiang ginagamit ng grupo. Kung ito ay hindi pupuwede, ang kompetenteng kinaaukulan ay dapat komunsulta sa mga katutubo na may pananaw na makapaglagay ng mga hakbangin para makarmit ang ganitong hangarin.

2. Dapat magkaroon ng sapat na hakbangin para masiguro na ang mga katutubo ay magkaroon ng sapat na pagkakataon para maging matatas sa pagsasalita ng pambansang salita o alin Zman sa mga opisyal na salita sa bansa.

3. Dapat magkaroon ng mga hakbangin para mapangalagaan at maipangalap ang kaunlaran at pagsasanay sa mga katutubong salita.

ARTIKULO 29

Ang pagbabahagi ng pangkalahatang kaalaman at "skills" na nakatutulong sa mga kabataang katutubo na mapasali sa parehas na antas sa kanilang komunidad at sa pambansang komunidad ang dapat maging adihkain ng edukasyon para sa naturang mga tao.

ARTIKULO 30

1. Ang pamahalaan ay dapat magpatibay ng mga hakbangin karapatdapat sa tradisyon at kultura ng mga katutubo, para maipalain sa kanila ang kanilang karapatan at tungkulin, patungkol sa paggawa, pangkabuhayang pangangailangan, edukasyon at kalusugan, panlipunang kapakinabangan at karapatang hanggo sa Kombensiyong ito.

2. Kung kinakailangan, ito ay dapat gawin sa pamamagitan ng nakasulat na pagsasalin at paggamit sa mga panghimpapawid na komunikasyon sa katutubong salita.

ARTIKULO 31

Ang mga hakbangin pang-edukasyon ay dapat gawin sa lahat ng seksiyon ng pambansang komunidad, partikular sa mga taong may direktang pakikipagugnayan sa mga katutubo, na may layuning alisin ang nakakagambala sa mga katutubo. Sa ganitong layunin, dapat na masiguro na ang mga aklat pangkasaysayan at iba pang gamit pang-edukasyon ay makapagbigay ng pantay, wasto at kapaki-pakinabang na pagsasalawawan ng mga lipunan at kultura ng mga katutubo.

IKAPITONG BAHAGI

PAKIKIPAG-UGNAYAN AT PAKIKIPAGTULUNGAN SA IBANG BANSA

ARTIKULO 32

Ang pamahalaan ay dapat magkaroon ng nararapat na hakbangin, sa pamamagitan ng pandaigdig na pakikipagkasundo, para gampanan ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa mga katutubo at taong tribu sa labas ng bansa, kasama ang gawain pangkabuhayan, panlipunan, kultural, espirituwal at pang-kapaligiran.

IKAWALONG BAHAGI

PAMAMAHALA

ARTIKULO 33

1. Ang mga ahensiya ng pamahalaan na may responsibilidad sa mga bagay na nasasaad sa Kombensiyon ay dapat isiguro na magkaroon ng nararapat na mekanismo para sa pamamahala ng programa sa mga katutubo, at mayroon silang pamamaraan o pagkukunan na kinakailangan para sa pagtatamo ng gawain nakabalikat dito.

2. Dapat isama sa mga programang ito ang:

- a) ang pagpapalano, pakikipag-ugnayan, pagpapatupad at pagtataya sa pakikipagtulungan sa mga katutubo, ng mga hakbanging nasasaad sa Kombensiyon;

b) ang pagpapanukala ng mga batas at mga hakbangin ng mga kinaaukulang awtoridad at pagpapatlakad sa mga hak-bangin, sa pakikipagtulungan sa mga katutubo.

IKASİYAM NA BAHAGI

PANGKALAHATANG PROBISSYON

ARTIKULO 34

Ang uri at sakop ng mga hakbanging gagampanan para maipatupad ang Kombensiyon ay dapat naangkop sa iba't ibang kaparaanan, binibigyang pansin ang katangian ng bawat bansa.

ARTIKULO 35

Ang pagpapatupad ng mga proteksyon ng Kombensiyon ay hindi dapat negatibong makaapekto sa karapatan at benepisyo ng mga katutubo na naayon sa iba pang Kombensiyon at Rekomendasyon, pandaigdig na instrumento, tratado at pambansang batas, pagpapabuya, kustombre o pakikipagkasundo.

IKASAMPUNG BAHAGI -

PANGHULLING PROBISSYON

ARTIKULO 36

Ang Kombensiyong ito ay binabago ang "Indigenous and Tribal Populations Conventions, 1957"

ARTIKULO 37

Ang pormal na ratipikasyon ng Kombensiyong ito ay dapat ipagbigay-alam sa Direktor-Heneral ng International Labor Organization (ILO) para sa pagtatala.

ARTIKULO 38

1. Ang Kombensiyong ito ay mabigyang bisa lamang ng mga kasapi ng ILO na ang pagkakapagpatibay ay naitala sa Direktor-Heneral.
2. Ito ay mapapatupad makalipas ang labindalawang buwan makaraan ang petsa na naitala ang pagkakaratiipika ng dalawang miyembro kasama ang Direktor-Heneral.

3. Pagkalipas nito, ang Kombensiyon ay mapapatupad sa alin mang kasapi labindalawang buwan makaraan ang petsa na ang pagkakapagpatibay ay naitala.

ARTIKULO 39

1. Ang isang miyembro na nagpatibay ng Kombensiyon ay maaaring tulugsain ito pagkatapos ng sampung taong itinakda simula ng petsa na ang Kombensiyon ay unang ipatupad, ng isang ginawang pagpapabatid sa Direktor-Heneral ng ILO para sa pagtatala. Ang ganitong pagtulgsa ay hindi dapat mabigyang bisa hangga't walang isang taon na ito ay naitala.

2. Ang bawat kasapi na nagpatibay nitong Kombensiyon at hindi nakatugon, sa loob ng taong sumusunod sa pagtatapos ng sampung taong palugit na nasasaad sa sinusundang Artikuloa, at ganitin ang karapatang tumulgsa na nakasaad sa Artikulong ito, ay mapapalugitan ng panibagong sampung taon at pagkatapos ay maari nang tulugsain ang Kombensiyong ito sa pagtatapos ng bawat sampung taon sa italin ng mga terminong nasasaad sa Artikulong ito.

ARTIKULO 40

1. Ang Direktor-Heneral ng ILO ay dapat pasabihan ang lahat ng miyembro ng ILO ng pagkakararihistro ng lahat ng ratipikasyon at pagtulgsang ipinabatid sa kanya ng mga miyembro ng organisasyon.

2. Sa pagbabatid sa mga miyembro ng organisasyon ng mga pagkakatatala ng pangalawang ratipikasyon ipinahatid sa kanya, ang Direktor-Heneral ay dapat ipaalam sa mga miyembro ng organisasyon ang petsa na kung saan ang Kombensiyon ay magkakarabisa.

ARTIKULO 41

Ang Direktor-Heneral ng ILO ay dapat maghatid sa Sekretaryo-Heneral ng United Nations ng pagkakararihistro na naayon sa Artikulo 102 ng Charter ng UN buong partikular sa lahat ng ratipikasyon at akto ng pagtulgsang naitala niya na naayon sa probisyon ng naunang Artikulo.

ARTIKULO 42

Sa ganitong pangyayari puwedeng bigyang pansin na kinakailangan na ang kumakatawang Namamahala ng ILO ay makapaglahad sa Pangkalahatang Pagpupulong ng pagpapahayag sa mga gawain ng Kombensiyon at pag-aralan ang pangangailangan ng pagsasarana sa agenda ng pagpupulong ang mga tanong ukol sa rebisyon ng buo o parte nito.

ARTIKULO 43

1. Kung ang pagpupulong ay makapagpairal ng bagong Kombensiyon na nagbabago nitong Kombensiyon buo o parte nito, at kung hindi man ang Kombensiyon ay dapat magsaad ng:

a) ang ratipikasyon ng mga miyembro ng bagong binagong Kombensiyon, ay dapat isali ang madaliang pagtutugsa ng Kombensiyon, na hindi ipinagbabalewala ang probisyon ng Artikulo 39 sa taas, kung paparano at kailan ang bagong pinalitang Kombensiyon ay maipatutupad.

b) pamula sa petsa na ang bagong pinalitang Kombensiyon ay maipatutupad ang Kombensiyong ito ay mapapawalang bisa ang pagbubukas ng ratipikasyon ng mga miyembro.

2. Ang Kombensiyon ay dapat manatiling may bisa sa kanyang aktuwal na porma at laman para sa mga miyembro na nagratipika nito pero hindi niratipikahan ng pinalitang Kombensiyon.

ARTIKULO 44

Ang English at French na bersyon ng nilalaman ng Kombensiyon ay pareho ang kapangyarihan.